Hi ms kaydee. I just want to ask help po, I am a voluntary member and I am 6 mos pregnant, gusto ko po makuha ang benefits ng maternity. Pero kakakasal ko lang po. And wala po akong id's na gamit ko ang new surname ko. Eh nag inquire po ako sa sss ang requirements is two valid ids. Ano po bang maganda mag change status nako ngayun as married then file ng maternity or mag stick ako as single muna then file ng maternity? Hoping for your reply, thankyou. Here's po my email walee_17@yahoo.com

[January 21, 2014 at 7:02 AM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi mommyJ, file your claim together with the filled-up MAT1 form, your ultrasound report or cert of pregnancy and letter to SSS explaining why you were not able to file your MAT1 before delivery plus the other required docs. You can say that you did not know that you have to file MAT1 before delivery. Or you can cite the reason you wrote here. I also do not know what reason is valid for SSS to accept, so whatever you feel is the right reason, then that's what you write. You also make a plea and then thank them in advance for their kind consideration. And then pray that your claim will be approved. You can ask others too.

[January 21, 2014 at 8:16 PM](#) 



[lyka mae Cabading](#) said...

ms kaydee . ask ko lng about sa 2 shets ng L501 . xerox and original copy po ba un ? kxe 1 sheet lng na L501 ung na submit ko non.

[January 21, 2014 at 8:30 PM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi Yllana Marie, puede mo nang i-file yong MAT1 mo as single, kasi it's important that you file MAT1 before delivery. Mareremedyuhan naman ito later on with presentation of marriage cert. if you decide later on to file MAT2 with married name. When filing MAT2, isipin mo na lang kung magkakaroon ka ng ID with married name during the time you file your MAT2 and during the time you encash your check. If you decide to file MAT2 as married, file E4 first with SSS, and then wait for your SSS civil status to change from Single to Married before filing MAT2. Ask others too

[January 21, 2014 at 8:41 PM](#) 



[emz](#) said...

ask ko lng po.. nagfile po ako ng mat1 naparecieve ko naman po sa sss, tapos pinasa ko po sa company pano po kng nawala ng company yung mat1 ko? pero po nakita ko po sa online account ko sa sss na confirm. pwede po ba na yun na lang iprint ko?

[January 21, 2014 at 9:41 PM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi emz, yes, the online confirmation of your MAT1 is sufficient to back up your claim. If your HR people are efficient, your MAT1 is stored in your 201 file, so it's there in your file. Also, since you're employed, and if your company advances your benefit, maybe in 2 releases, MAT2 filing would be easier, since you just submit your child's birth certificate after delivery, and the company will be the one to file your MAT2.

[January 21, 2014 at 10:09 PM](#) 



[emz](#) said...

ako na po sana magfile ng mat2 ko para mas mabilis po sana. pano po kung nagexpired na yung password ko po sa online ko? kaya d ko po mabuksan ngayon. at nagrequest na rin po ako sa email ng sss ng password reset

[January 21, 2014 at 10:21 PM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi emz, oo puede namang ikaw ang mag-file. Wait mo na lang ang response nila about your password reset. Pagpunta mo sa SSS, puede ka rin siguro doon magpa-reset.

[January 23, 2014 at 1:28 AM](#) 



[kristine rariza](#) said...

hi mam kaydee.. ask ko lng po,wat date po ilalagay ko s start of maternity leave ng mat-2..hnd po ako ngleave, ngresign po ako last jan10,2014..at ska ung total monthly salary credit dun b cla mgbbased s ilalagay ko o dun s amount n naicontribute ko tlg? thank you..

[January 23, 2014 at 5:41 PM](#) 



[khrisel](#) said...

hello! tatanong lang sana ako.. bcoz i pass all my requiremnets for maternity benefit last december 5, 2013 then last december 19, 2013 its already for review. but until now almost a month na the status is still for review... why so long???

[January 23, 2014 at 7:32 PM](#) 



[valkyrie uprising](#) said...

gnun po ba.. e pano po kng ska na kmi mgpakasal after qo maclaim ung benefits qo ok lng po b kng nka apelyido s partner qo ung apelyido ng bata wla po bang prob dun? tatangapn po b ng sss un?

[January 28, 2014 at 9:21 PM](#) 



[Kaydee](#) said...

hi Kristine, ang SSS benefit ay based sa 6 highest salary credits mo within the 12-month period before your semester of delivery, hindi sa total salary credit. Dahil Separated ka, palagay ko puede nang the same date yong start of maternity leave and date of delivery. Pero huwag mo na lang munang sulatan, ask mo na lang yong SSS officer when you file.

[January 31, 2014 at 12:12 AM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi Kristine, kung recently Separated ka, required ang Cert of Separation with date of separation, cert of non-advancement of maternity benefit, and 2 copies of L501 form.

[January 31, 2014 at 12:14 AM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi khriel, antayin mo lang baka lang maraming nire-review. Puede ring merong detail sa docs mo na kino-confirm muna.

[January 31, 2014 at 1:08 AM](#) 



[Sugar Sue](#) said...

Hi po, nagresign po ako sa work this january 10 , 2014. ive already get a certification of seperation from my employer and im requesting the L501 and no cash advance letter ibibigay daw nila next week after that po paano po magchachange to voluntary ang status ko sa sss? (employed to voluntary). automatic po ba pag magbabayad ako sa bayad center ng contribution ko and check voluntary option, magcha change na po ba yun?

[February 4, 2014 at 7:07 AM](#) 



[Sugar Sue](#) said...

by the way april or may 2014 po ang delivery date ko under CS and nakita ko narin po sa sss online ko un makukuha kong benefits, im just confused kung paano machachange as voluntary yun status ko po. pag po ba nagbayad this first quarter ako as voluntary automatic na po bayun machachange?

[February 4, 2014 at 7:12 AM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi Sugar, yes, pag na-post na ang first payment mo as Voluntary, ang status mo ay mag-change na automatically from Employed to Voluntary.

[February 5, 2014 at 4:30 PM](#) 



[Ghen Gonzales](#) said...

what if kung isang copy lang ang pinasang L501?

[February 10, 2014 at 5:06 PM](#)



[Kaydee](#) said...

Hi Ghen, meron kasing instruction at the back of the L501 form na 2 copies dapat. Pray that the one who will evaluate your docs is considerate.

[February 11, 2014 at 4:02 PM](#)



[sweetTOOTHforAYNAT](#) said...

Hi kaydee. I submitted my Mat 2 already including all requirements needed. For evaluation pa daw, pinababalik ako ng March 3. Tapos may nakalagay sa papers ko na FOB. Di nila kinuha documents ko, ibinalik sa amin. I actually don't know why. Anyway, yun palang kausap ko is isang employee sa loob, nirefer lang kasi ako ng friend ko. Ang question ko, lahat ba ng for evaluation nadedeny? Lahat naman ng nakasulat mong reasons sa taas is okay ako. Ang mga naisip Kong pwedeng reason:

- 2nd cs operation ko
- online filing of mat-1
- nakalagay sa deliveries ko 3rd na to, which is di ko naman naituloy i-file yung pinakauna which is miscarriage
- Sa ob history ko, 2 lang sinulat ni doc kasi di nya alam yung miscarriage ko
- dahil sa voluntary ako, naghuhulog laNg ako para makapagclaim ng benefit. So nag-iiba yung amount ng hulog ko, iba syempre nung employed pa ko 6yrs ago, iba nung unang hulog ko as voluntary then iba ulit ngayon.
- Feb 14 ang edd ko kaya yun nakafile sa mat-1, but I gave birth on January 24 dahil naglabor na ko, and cs ako dapat kaya napaaga kami.

You think may naging factor para maging for evaluation sa mga nasabi ko? Thanks.

[February 12, 2014 at 12:52 AM](#)



[Kaydee](#) said...

Hi sweettoothforaynat, puzzled ako bakit hindi kinuha ang docs mo at wala namang sinabing kulang. At bakit sa Mar 3 pa babalik to file MAT2? At ano ang i-evaluate nila kung hindi naman kinuha ang docs mo? Kung Jan 24 ka nag-deliver, meron ka bang at least 3 contributions within Oct 2012 to Sep 2013? Nag-increase ka ba ng contribution by more than 2 levels sa magkasunod na buwan? Sa birth cert ba nitong newborn mo ay nakasulat na 2nd ang birth order at total number of children born alive ay 2?

[February 12, 2014 at 7:51 AM](#) 



[Jean B.](#) said...

Hello po Ms. Kaydee, Im Jean B. my maternity claim for my second child was already settled(dated Nov. 23,2007) but when i claim for my third child (dated Aug. 17,2013) it was denied (CLAIM WAS ALREADY SETTLED *delivery number already settled). SSS record was that my 2nd child is my 3rd child. SSS doctor told me to write a letter to correct my delivery number, then wait for reply. Tama po ba kasi ilang ulit na akong pabalik-balik. Thank you.

[February 20, 2014 at 5:25 AM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi Jean, ano kayang reason why SSS considers your 3rd child as your 2nd child? What is in your 3rd child's birth cert? Is Birth Order 3rd, 03? Is Total Number of Children Born Alive 03? At doon sa ob report, 3rd ba ang nakalagay doon?

Check mo rin yong birth cert ng 2nd child mo? Ano yong mga nakasulat doon? Saan kaya ang mali? And then write a letter to SSS explaining the error. Mag-attach ka ng docs to prove the error and the correct data.

[February 20, 2014 at 2:04 PM](#) 



[sweetTOOTHforAYNAT](#) said...

Hi kaydee. Ako din puzzled sa totoo lang. Sabi ng hubby ko ang sabi daw magiinvestigate pa daw. But for what? Sabi daw sa hospital and sa bahay. Kinuha daw sketch going to the hospital and house. I can't understand why. Ang hulog ko, April to June 2013, and pareho lahat 1300. Though years before, ang contribution ko is max dahil employed ako. Medyo kinakabahan tuloy ako baka di ako makaclaim.


[February 20, 2014 at 4:59 PM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi sweetTOOTHforAYNAT, paano kaya sila mag-investigate eh hindi naman nila kinuha ang docs mo, kasi sabi mo hindi nila kinuha. Ano ang hawak nilang docs? On the other hand, kung sabi nila ay imbestigahan ang house and hospital, that means meron silang gustong icheck related sa delivery of your child, at palagay ko hindi sa eligibility. Puedeng malaman ko ang name ng hospital?

[February 22, 2014 at 8:33 AM](#) 



[Kirri Laguerta](#) said...

Hi kaydee,

Just wanna ask if u know anythng abt an sss acct na tagged as temporary?

I checked my acct kasi online and checked kung eligible ako for mat benefits then i found out yung sss number ko daw is temporary. I was a member since 2002 if im not mistaken, althou hndi consecutive ang hulog ko dahil nawawalan ako ng work minsan, plus sss online said i cannot apply daw to get an id bcoz ive been tagged as temporary which i really dnt understand why ganun.

Im 5mos pregnant and ofcourse wanted to file mat claim. Im unemployed since oct2013 and edd is on july2014. Do u think pwde ako magfile ng mat 1? Thanks . Hope to hear from you soon.

[February 23, 2014 at 5:34 AM](#) 



[laurence hermoso](#) said...

Ask ko lang po regarding sa maternity benefits ko via online ang status/check sa maternity history ko nakalagay is "denied as of 02-18-2014" so ano po ibig sabihin nun? And sa remarks po ang nakalagay is "SUBMIT CERTIFIED TRUE COPY OF CERTIFICATE OF LIVE BIRTH DULY SIGNED AND REGISTERED BY LCR WITH BIRTH ORDER OF CHILD CLEARLY INDICATED * wrong key-encoding"...Naipasa ko naman po ang requirements na yan sa SSS Malabon Branch. Ano po ibig sabihin nun, makukuha ko parin po ba yung maternity benefits ko, at ano po ang dapat kong gawin? And sa benefit contribution ano po ibig sabihin ng amount due sa employer 17k, tapos sa sss 30k. pareho ko po b makukuha yung same amount na yon in case po na masettle yung maternity benefit claims ko? Thanks po in advance...

[February 23, 2014 at 10:01 AM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi Kirri, meron ka bang Date of Coverage? Check your online SSS account. If you have, that's great. That means you started contributing to SSS correctly. One reason na temporary ang SSS no. ay kung hindi original o merong question sa birth cert na ipinakita mo when you applied for an SSS no. Go to SSS with your local-civil-registrar- or NSO-certified birth cert and valid IDs and ask why your SSS no. is temporary. Comment here again if you don't have a Date of Coverage, and I will give suggestions.

[February 24, 2014 at 6:28 PM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi laurence, check the birth cert you have and see if birth order is clearly seen. Malabo ba? Kapag malabo, get your child's birth from NSO; hopefully, mas clear doon ang birth order ng child mo.

Dahil Denied ang claim mo, wait for your docs to be returned to you through the postal mail, and then re-submit pag naayos mo na itong birt cert problem.

About your benefit amount, write here your delivery date, and your contributions for 20 months before your delivery date, and I'll try to compute.

[February 24, 2014 at 6:41 PM](#) 



[laurence hermoso](#) said...

Hi Kaydee,

Delivery date ko is Oct.24,2013

start po ng feb 2012- sep 2013, total contribution ko nun is 23,712

[February 25, 2014 at 7:59 AM](#)



[Kirri Laguerta](#) said...

Hi kaydee,

Went to sss today, youre right, something to do with birthcertificate thing, but they didnt elaborate why it happened, i didnt ask narin abt it dahil bka mahabang paliwanagan pa, kawawa naman ung iba na nakapila. Haha

Well they just asked for my bcert and 2valid ids pero 1valid lang napresent ko and bcert, they accepted it naman. Sinabay ko din ung pagfile ng mat1 ko and they didnt evn asked for proof that im preggy. Ung bcert and id langtalaga ang tiningnan. Haha.

[February 26, 2014 at 5:02 AM](#)



[Kaydee](#) said...

Hi laurence, ang ibig ko sanang sabihin ay yong exact monthly contributions mo for 20 months para tingnan ko yong highest 6 contributions and salary credits mo.

Anyway, tingnan mo yong 6 highest contributions mo within July 2012 to June 2013. Then tingnan mo yong salary credits nitong 6 highest contributions.

Add these 6 salary credits.

Divide by 180

Multiply by 60 (benefit ng normal delivery)

If CS, multiply by 78.

[February 27, 2014 at 10:22 AM](#)



[Kaydee](#) said...

Hi Kirri, that's great na na-solve na. Thanks for sharing your experience.

[February 27, 2014 at 10:33 AM](#)



[laurence hermoso](#) said...

Hi Kaydee,

15,000 po yung highest contri ko so equivalent po nun is 30k... pero meron akong nakita sa account ko online sa Benefit Computation aside sa SSS ang average daily allow. ko is 500 equivalent to 30,000, merong nakaindicate sa Employer na 286.12 yung average daily allow ko tapos equivalent is 17,167. Ang tanung ko sana kung pareho kong makukuha yung dalawang amount na iyon?. Thanks po ulit...

[February 28, 2014 at 9:11 AM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi laurence, isang maternity benefit lang ang makuha mo. Kung puro 15k ang 6 highest salary credits mo sa 12-month period na sinabi ko, ang maternity benefit mo ay 30k (normal delivery). Sori hindi ko alam kung ano at para saan yong nakikita mong another average daily allowance sa account mo na 286.12. Basta ang alam ko iisa lang ang maternity benefit from SSS, at ang maximum benefit for those who gave birth or will give birth before July 2014 (kasi nag-increase na nga ang contributions starting Jan 2014) ay 30k for normal delivery at 39k for CS.

[February 28, 2014 at 2:35 PM](#) 



[alliyah rhianna bonita](#) said...

Hi ask ko lang po, di ako naka pag pasa ng mat 1 nabadrest ako after getting my first ultarsound and nag leave ako tru phone lang sa company, i miscarriage after almost 3 weeks, i pass na my requirements and explanation letter, may chance ba na magrant ang maternity claim ko? Thanx

[March 5, 2014 at 11:30 PM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi alliyah, yes, malaki ang chance, basta nagsubmit ka ng histopathology report, OB report, medical cert, MAT1 with explanation letter, ultrasound report before and after miscarriage, MAT2.

[March 6, 2014 at 1:17 AM](#) 



[izza cayetano](#) said...

hi ms kaydee im a separated employee last aug 2013, i gave birth this january 2014, ngayon po nkapag pasa nman po ako ng mat 2 ko sa sss pero nung i check ko po online nakalagay is denied status date is march 7 remarks po is wrong key encoding.. bkit po kaya gnu eh pinasa ko nman lahat ng reqt. na kelangan nila ang doubt ko lng po is baka ung sa member status na inilagay ko kc ang inilagay ko sa mat 2 is separated dahil wala nman na po akong work pero ung po sa online sss ko po ang nakalagay is employed hindi pa din nman po ako ng babayad ng voluntary kc sabi po nila sakin nu sa sss eligible nman daw po ako sa mat benefits... magbabago pa pu kaya ung nakalagay na yun kc diba po 2 weeks nman po ung processing nila? saka gnu po kaya katagal ibabalik ung denied papers from sss? thx po in advance..

[March 7, 2014 at 9:10 PM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi izza, did you submit cert of separation, cert of non-advancement of benefit and L501? Did these 3 docs have the same signatures? If yes, tama naman na Separated ang na-check mo sa MAT2 kasi sabi mo hindi ka pa naman nagbayad as Voluntary.

Yong Employed at Separated ay tama o match basta nag-submit ka ng 3 docs I mentioned. Baka merong ibang reason. Match ba ang name of previous employer mo sa certificates doon sa name of last company mo sa online employment history mo?

Check again your online account baka na-review na at okay na. Kung Denied talaga, wait for your documents to be returned, and then accomplish the instructions. Based on comments here, sometimes it takes 1 month or more for the docs to be returned.

[March 8, 2014 at 12:33 AM](#)



[izza cayetano](#) said...

hi ms kaydee opo nag pass po ako ng cert of non advance of benefit, cert of separation saka I501 ung nga pong I 501 ko hindi na nila kinuha eh hindi ko po alam kung bakit..ask ko ns din po sana kung anu ba ung inilalagay dun sa ob form kc po nung kinuha ko po un sa pinaganakan ko my nakalagay nman po kung pang ilang baby ko na kaya lng ung po ung obstetrical score nakalimutan ni doc na fill up an so nung sinabi ko po sa midwife na kinuhanan ko ng form nilagsy nya lng po is g2p2 un lng po ba talaga ang inilalagay dun?

[March 8, 2014 at 10:58 PM](#)



[Kaydee](#) said...

Hi izza, g2p2 means 2 pregnancies and 2 deliveries. Basta napirmahan at nasulatan yong G1 and G2 with dates and types of pregnancy and the other blanks, dapat okay na itong document mo. Sori hindi ko ma-pinpoint kung ano ang reason ng wrong-key encoding mo.

Yon pala yong L501 ang kulang.

Check mo na lang from time to time, or wait for your docs to be returned via mail.

[March 10, 2014 at 8:08 PM](#)



[Lindsey Gamil](#) said...

hi ms kaydee ask ko lng ung sa m2 na need ng operating room record?makukuha ko b to aa medical records or dapat naibigay na sakin to upon discharge na galing sa doctor (katulad ng requirement sa pgclaim ng sickness benfit

[March 12, 2014 at 1:18 AM](#)



[Kaydee](#) said...

Hi Lindsey, depende sa hospital; merong hospital na helpful, merong kelangan mong sabihin na kelangan mo ang operating room record. So before you leave the hospital, pakuha at pa-sign

mo na sa OB mo yong mga kelangan mo. Kung hindi pa ready, kunin mo sa checkup mo after delivery.

[March 12, 2014 at 11:14 AM](#) 



[Kaydee](#) said...

From Lindsey Gamil: naku its been almost a month na since manganak ako (feb 8) dahil wala pako operating room record, punta lng ako sa medical records ng hospital tapos ako na mgpapapirma sa OB ko nun?

Hi Lindsey, kung hindi pa napirmahan ng OB, ikaw na ang magpapirma para mabilis.

[March 13, 2014 at 9:19 AM](#) 



[fennie de lara](#) said...

hi po nakapagpasa na po ko ng mat1 sa sss and im registered in my married name kaso ngayon im separated na po for almost 3yrs. question ko po eh mgkakaproblema po ba ko sa pagclaim sa sss o madedeny po ba ko kc ung sa pagkadalaga ko po ung ggmitn ko sa birth certificate ng mgiging baby ko. tnx po.

[March 14, 2014 at 12:05 AM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi fennie, sa SSS, kung merong discrepancy sa surnames, mag-submit ka lang ng Affidavit of Discrepancy in Name to explain the discrepancy.

Pero para wala nang affidavit, sana gamitin na lang ng baby mo ang surname ng biological father niya. Sa birth certificate, ang isusulat sa Name of Mother ay your maiden name (so tama lang sa gusto mo). And then Name of Father ay yong biological father. Ang magiging name of baby ay First Name, Your Maiden Surname, Surname of Father.

With RA 9255, puede na ngayon na gamitin ng illegitimate child ang surname ng biological father basta tanggap ng father na siya ang biological father.

Isa pa, kung gagamitin ang baby ang maiden surname mo, ano ang middle name niya? It is advisable na merong middle name ang bata, kasi habang lumalaki siya, tatanungin siya bakit wala siyang middle name.

About your name: kapag sa mga legal papers like MAT1 or MAT2, gamitin mo pa rin ang married name mo kahit separated, kasi legally puede mo lang palitan ang surname mo kapag merong declaration of annulment. Sabi sa Phil. law na once na ginamit ng babae ang surname ng asawa, mapapalitan lang niya ang surname niya kapag na-annul o na-widow at nag-asawa uli.

Siempre para match lahat ang papers, gamitin mo rin ang married name mo sa hospital.

Lastly, I am not a lawyer, so please ask other people too about surnames baka lang meron akong na-miss.

[March 14, 2014 at 6:47 AM](#) 



[Kaydee](#) said...

Hi fennie, on second thought, kung merong serious or valid reason kung bakit ayaw mong gamitin ang surname ng biological father, then be ready to make an affidavit. Ask na lang others knowledgeable about names kung ano dapat ang middle name ng baby.

[March 14, 2014 at 6:55 AM](#) 



[fennie de lara](#) said...

hi mam ulit nagets ko ung point nyo kso ang question ko po eh di po ba ako mgkakaproblema sa pagclaim ng sss ko kung ang surname ng baby na isisilang ko eh surname ng biological father nya at iba sa surname ko.

[March 17, 2014 at 8:46 PM](#) 



[kristine rariza](#) said...

hi.. pg separated b kelangan mgpasa s sss branch kung saan nkbased yung records ko at ng dati kong employer? ngpasa kc ako d2 sa mas malapit sa amin lng at ska isang copy lng ng I501 ang kinuha sa akin kya medyo worried ako bka mdeny ung claim ko. at ska panu b icheck ung status online?nklagay kc skn member has no maternity benefits..ngpasa ako last march20,2014..

tnx..

[March 22, 2014 at 12:50 AM](#) 



[Shy](#) said...

Hi fennie, ang alam ko hindi, kasi yon naman ang tamang naming decision para sa kanya. Kukunin naman niya ang maiden surname mo. At nakasulat ka naman as mother sa birth cert. Puede ring mag-submit ng Affidavit of Discrepancy in Name kung halimbawa lang merong question.

Pero para sure na sure, go to SSS na lang and ask.

[March 24, 2014 at 2:48 AM](#) 



[Shy](#) said...

Hi kristine, tama naman na you submitted at the branch nearest where you live, kasi yon naman ang instruction ng SSS sa mga separated o voluntary. About your claim not yet encoded: Tama naman yong tiningnan mo sa online account mo. Benefit and then Maternity Benefit. Baka hindi nag-e-encode sa branch where you filed. Puedeng finorward pa nila sa larger branch o sa Diliman. Check from time to time

[March 24, 2014 at 2:58 AM](#) 



[Apple Ugay](#) said...

Hi Kaydee i just want to share my situation and to ask something also.

i got hired august 2013 and resigned last December 2013 so i have atleast 3 months contri.. my concerned i gave birth last may 2013 Cesarean Section..and pass my mat 2 application last dec 11 2013.i didn't have the chance to pass my mat 1 application before i gave birth because i don't have idea on Maternity benefit on SSS.and also i just figure that im pregnant when its already 2 months.

way back to my application
i submit

MAT2 application

Letter for not submitting mat1

Certificate of Non-advancement of Maternity Benefit and L-501

COE

BC of Baby from NSO

Surgical documents.

valid Id's

etc..

first Application Status:

****DENIED**** As of 01-15-2014

NO OPERATING ROOM RECORD/ D AND C REPORT * wrong key-encoding

but i already submit it but it just a photo copy and the print on it is so faded..but still can read..so i just submit the orig copy with seal of hospital.

then applied again last March 11 2014

2nd Application Status:

****DENIED**** As of 03-25-2014

NO SEPARATION PAPER, COMPLETE RECORDS RETURNED. * wrong key-encoding

but i already submit SEPARATION PAPER is this diff. from Certificate of Non-advancement of Maternity Benefit or COE???

don't know whats wrong with them.

what if after i submit the separation paper again? is it possible that they will see another missing documents???

and what is the meaning of

wrong key-encoding

pls help me :(

FYI, i got hired again on my last company last august 2014. :)

Thanks. :)

[March 25, 2014 at 10:27 PM](#) 



[Shy](#) said...

Hi Apple, wait for your docs to get returned and then read their instructions. Yes, the cert of separation (with date of separation) is different from the cert of non-advancement of benefit. Wrong key encoding means your member status in the SSS system is different from member status in your claim form.

Check your member status in your online SSS account -- dahil sabi mo ay employed ka uli at meron nang contributions from this new employer, so most likely Employed uli ang member status mo. Pag mag-submit ka uli, tanungin mo na lang yong SSS officer kung dapat isulat mo na Employed ang status mo sa claim form (kasi you're currently employed and your status online is Employed) pero you were separated when you gave birth.

[March 26, 2014 at 8:34 PM](#) 



[Apple Ugay](#) said...

Hi ms kaydee actually nagpasa na ko ng COE at ung cert. of no advance payment with L501 b un??

tapos nagpunta ako khapon dala ung resignation letter ko i thought kase un ung separation paper pero hindi naman daw.so i don't kung ano po un kase napasa ko nman ung separation na sinasabi mo.

and di rin alam nung taga sss pasig kung ano ung hinihingi na separation paper e nagpasa na nga po kase ko. ang sabi nya nasa main pa daw ung papers ko.

i hope you can help me with this..

i don't know po talga anong yung separation letter na sinasabi nila :(pangalawang application ko na po to and denied again.

sabi naman po nung taga customer hotline ng sss di nman daw po makakaffect ung pagiging employed ko ngayon sa dineclare kong separated sa mat2 ko :(

naguguluhan na ko paisaisa sila maghanap ng kulang sa docu ko.

[March 31, 2014 at 6:30 PM](#) 



[Shy](#) said...

Hi Apple, ang COE kasi Certificate of Employment; ang hinahanap ng SSS ay Certificate of Separation. Kung tutuusin, ang laman ng COE ay pareho din lang ng laman ng Cert of Separation, pero yong ibang SSS officers, gusto nila na ang title ng document ay Certificate of Separation, at emphasis ay ang Date of Separation, something like "This is to certify that Apple

Ugay who was employed by this company starting ___ was separated from this company on ___."

This certification is issued upon Ms. Ugay's request for the processing of her claim for SSS maternity benefit.

[April 2, 2014 at 12:33 AM](#) 



[Apple Ugay](#) said...

pede po ba mkahingi ng sample ng separation paper? :D
kindly send me here apple.ugay@nii.ph

thanks :)

[April 3, 2014 at 1:22 AM](#) 



[Shy](#) said...

Hi Apple, ito ang sample: [sample certificate of separation from employment](#)

[April 6, 2014 at 5:59 AM](#) 



[ma.jennelyn fajardo](#) said...

hi ms.kaydee ano po ang ilalagay kong status kasi voluntary na po ako so ang ilalagay ko na po voluntary ...

-employed po ako hanggang jan. ..kailangan ko pa po bang kumuha ng certificate of separation ??

-ano pa poa ng req. pag voluntary mem. na ???

[April 7, 2014 at 12:02 AM](#) 



[ma.jennelyn fajardo](#) said...

hi ms.kaydee ano po ang ilalagay ko sa mat2 separated...kase wla na po ako sa past employer ko tnx po god bless...

[April 7, 2014 at 12:33 AM](#) 



[Lyra Loyola](#) said...

Hi Kaydee! I got separated sa company ko September 2012 and gave birth December 2013, it's been more than a year na, how come SSS still require Certificate of Separation? Eh it state here na if more than 6 mos, no need na ng Cert of Separation kaya I didn't bother to submit.

Binalik sakín lahat ng docs ko with this L-501. Now, bumalik ako sa dati kong employer to accomplish this, AYAW nila entertain kasi SEPARATED na nga ako sa kanila before pa ako ikasal, mabuntis at manganak and all.

Question is papaano po ito? 1 yr and 3 mos na ako separated, hinihingan padin ako ng Cert of Separation w/c ayaw naman ako gawan ng dati kong employer kc wala na sa scope ng stay ko with them na buntis ako.

Thankz!

[April 7, 2014 at 3:05 AM](#) 



[ma.jennelyn fajardo](#) said...

hi ms kaydee magiging problema po ba kung ang gagamitin na apelyido ng magiging anak ko eh ung sa father nya ang prob. po kase eh ndi pa kame kasal ...ano po ang kailangan kong papers para ndi ito maging issue pag nag pasa napo ako ng mga req. sa sss???thank you god bless...

[April 7, 2014 at 3:36 AM](#) 



[ma.jennelyn fajardo](#) said...

hi ms.kaydee pag na change na po as voluntary ang status ko kailangan ko pa po ba kumuha ng certificate of separation ???

[April 7, 2014 at 3:53 AM](#) 



[ma.jennelyn fajardo](#) said...

ano po ba ang req. sa voluntary members ???

[April 7, 2014 at 4:11 AM](#) 



[Shy](#) said...

Hi Lyra, have you registered with online SSS? Did you continue paying as Voluntary? If not yet, continue paying as Voluntary, so you can write Voluntary as your member category in MAT2. Choose your monthly contribution and then go to SSS to pay using RS5 form. Check Voluntary. After 1 or 2 days (possible time for your payment to get posted), register online at sss.gov.ph. You will use your transaction no. in registering.

Pag okay na ang account mo, you will see your member category. Magmamatch na ang category mo sa MAT2 and SSS account, which is Voluntary. Dapat hindi na ang cert of separation, kasi 15 months na ang gap ng separation date mo at delivery date mo. Ang sinabi

ng SSS sa rules nila ay 6 months. Although okay lang naman sana kung willing magbigay ng docs ang ex-employer mo.

Check if there are other instructions in your returned docs.

The SSS officer who will check your docs should be able to say if your docs are already okay.

[April 11, 2014 at 9:59 AM](#) 



[Shy](#) said...

Hi ma. jennelyn, kung more than 1 year na ang gap ng date of separation mo and date of delivery mo, hindi na dapat kelangan ang cert of separation. Para ma-change ang member category mo from Employed to Voluntary, pay your contribution using RS5 form. Check Voluntary. Sa SSS ka muna, and then next time, puede na sa Bayad Center or SM Business Center.

Then after 1 or 2 days, register at sss.gov.ph. You will need your RS5 transaction no. Choose 6 digits.

Pag okay na ang online account mo, check your category. Pag Voluntary, yan na ang category mo sa MAT2.

Kung less than 1 year ang gap, huwag ka na munang mag-Voluntary payment. Para Employed pa rin ang nasa record mo. Ang isusulat mo sa MAT2 ay Separated. Submit cert of separation, cert of non-advancement of maternity benefit and L501. Actually, sa 6 months or less ang gap lang dapat ang mga certificates, pero based sa mga nag-co-comment dito, nirerequire nila pag up to a year ang gap. Ask others too

[April 11, 2014 at 10:09 AM](#) 



[Shy](#) said...

Hi ma. jennelyn, walang problem kung gamitin ng anak mo ang apelyido ng father niya, kahit hindi kayo married. Mas okay nga yon, kasi magma-match ang surname of father sa surname of child.

[April 11, 2014 at 10:14 AM](#) 



[Shy](#) said...

Hi **ma. jennelyn**, akala ko nakapanganak ka na sa tanong mo dito.

Sinagot ko yong naunang tanong mo dito sa post na ito: [SSS maternity benefit eligibility](#)

[April 11, 2014 at 10:35 AM](#) 



[sweetTOOTHforAYNAT](#) said...

Hi Kaydee. Here's an update to my problem. They already accepted my documents last march 20, tapos na daw maginvestigate and gave me the mat-2 stub. hintayin ko nalang daw yung cheke. here's the problem, when i check online, here is what appears:

****DENIED**** As of 03-26-2014

Remarks :FOR RETRIEVAL OF COMPLETE RECORDS FROM CENTRAL RECORDS DIVISION. * delivery number already settled

I dont know what should be the next action for this, I called their hotline and asked, she said nirereview daw kasi ayun nga mali daw delivery number. So parang tinagalog nya lang yung nakasulat na reason. Here's the story, during my 1st maternity filing for my eldest, i asked the sss staff what to put in the pregnancy #, i had a miscarriage a year ago kasi before my eldest but hindi ko naituloy i-file. ang sagot sakin ilagay ko kung pang-ilan ko na. since nakalagay dun deliveries/miscarriage, i thought i should put the number of pregnancies despite of having filed or not, so nilagay ko 1 sa number of pregnancies/miscarriage prior to this delivery. i thought hindi magkakaproblema sooner, kasi ang isip ko naman wala sila pakelam na sa nilagay ko kasi ako naman ang nabawasan ng chance to get benefit for the 4th in case. ngayon when i filed my mat-1 for my 2nd child, nilagay ko number of preg/misc prior to this delivery is 2. magulo daw sabi ng kausap ko sa hotline yung ginawa ko. i told her, hindi kasi reliable mga sagot ng tao sa branch na yun. i always get a bad service from sss, kaya nung 1st pregnancy ko, ang daming beses ko bumabalik dun paiba iba sila ng sagot. the hotline representative even asked me kung nagreflect daw ba sa birth cert na pinasa ko ngyon yung miscarriage, i told her no. syempre diba stillbirth lang nilalagay dun, eh 3 mos ako nung makunan.

What should i do now? maghihintay na lang ba ako kung meron o wala? or may chance pa tong maayos, may magagawa ba ko? pwede ba yung denied pero may dadating biglang cheke sakin? i feel bad, kasi im unemployed, then chose to make contributions para makakuha ng benefit, 32500 din yung benefit na mawawala sakin kung di nila ibibigay ang cheke. please enlighten me, baka may idea ka on this case. thanks

[April 13, 2014 at 10:51 AM](#) 



[Apple Ugay](#) said...

Hi ms Kaydee ask ko lang baket sa Amount Paid n nkalagay sa status ko e P14300? e puro denied naman po ung mga application ko? db dpat 0 lang po un kase wla nman ako naclaim ? :D thanks.

[April 13, 2014 at 7:48 PM](#) 



[Shy](#) said...

Hi Apple and sweetTOOTHforAYNAT, merong nag-comment sa another article dito sa blog na ito na her online account showed DENIED -- wrong key encoding (separated member). I told her to wait for her documents to be returned. Pero later on, napalitan ng Settled yong account niya, at nagkaroon ng check amount and date. This means merong Second Evaluation or Second Review, kung medyo malabo yong reason for Denial.

[April 16, 2014 at 8:14 PM](#) 

231 Responses to *Reasons Why SSS Maternity Benefit Claims Are Denied*

[«Oldest](#) [Older](#) 201 – 231 of 231



[Shy](#) said...

Hi sweetTOOTHforAYNAT, based on the Remarks na kinopya mo, Settled naman na yong problem about delivery no. Bale ang inaantay na lang nila is yong complete records mo for cross-checking. I hope na maging Settled din later on ang online account mo, katulad ng isang nag-comment dito na nagka-cheke rin after reevaluation.

[April 16, 2014 at 8:40 PM](#)



[Apple Ugay](#) said...

Hi Ms. Shy,

tlga po? sana nga mplitan :D pede po mkita ung post nya reg dun?

actually po nag apply po ko nung pngalawang application ko then nadenied sya last march 25 2014 then sabi nung staff sa sss pasig antayin ko daw ung docu ko galing main. by end of the month daw ako balik if andun n sa knila.

then nagcheck ako today 4/22/2014

nagkaron ng pangatlong application the for review ung status as of 04-16-2014 with different claim number .

pero di nman pa naman po ako nag apply..is it possible po ba n nareview ulit nila ung application ko ? :D

sana maapprove na hehehe

[April 21, 2014 at 10:46 PM](#)



[Apple Ugay](#) said...

hi ms shy,

tlga po?sana nga po maapproved :D :)

pero actually nagcheck ako now ng SSS ko.then nkita ko may another for review nman as of 4/16/2014 na application with diff. claim number.bale pang 3rd n po to. pero hindi p naman po nagpapasa ulit ng another application.

kase po db ung 1st application ko
last dec 2013 then denied last jan 2014
and my 2nd application was march 13 2014 then denied again last march 25 2014 because
kulang daw ng separation letter.
nagresign ako dec 2012 nanganak ako may 2013.then nagpasa nman ako dun ng COE,L501
and cert. of no advancement.
then sabi nung taga sss pasig wait ko daw muna ung mga docu ko kase nasa main branch p
b4.

then un nga ngulat ako n may for review ng lumabas.
posible kaya n nireview ulit nila??

and sana maapproved na kase magbbirthday n ung baby ko this month :D :)

[April 22, 2014 at 1:45 AM](#) 



[Shy](#) said...

Hi Apple, check here yong comments ni Phine De Guzman, starting Feb 2. [Documents needed to claim sss Maternity benefit](#)

I hope na-2nd-review na nga ang claim mo. Bale isa pa lang ang na-file mo, tama ba ako? at ang na-file mo is for your youngest? At meron ka pa sanang 2 na ifa-file for your 2 older children, tama ba?

[April 24, 2014 at 5:48 PM](#) 



[Apple Yagu](#) said...

Hi ms shy.

Ako po ba ung tinutukoy nyo sa comment mo na may 2 children?? hehehe
actually 1 plng baby ko,naka 2nd apply lang ako kc nadenied ung 1st app ko then.nsabi ko nga rin po n last april 22 nagcheck aq online may 3rd status n lumabas with diff claim number na "for rvw" ung status.
then nagcheck po ko today settle na po yung lumabas.

kaya lang nagtaka ko sa remarks
settled claim ung nkalagay ano po meaning nun??
e hndi ko p nman po nkukuha ung check

[April 24, 2014 at 6:47 PM](#) 



[Shy](#) said...

Hi Apple, sori naconfused ako, meron din kasi dito na nagtatanong na 3 ang anak at ngayon pa lang magfa-file for all 3, at denied yong first filing niya. About Settled: Kapag Settled check na,

that means nagawa na yong check, at ipapadala na sa post office for delivery. Puedeng 10 days to 1 month bago ma-deliver through the mail, based sa mga nagco-comment dito

[April 25, 2014 at 12:15 AM](#) 



[Apple Yagu](#) said...

Hi ms shy ok lang po hehehe

kaya lang ang concern ko lang po is
bket po nklagay sa
REmarks is " Settled claim"?
eh hndi ko p nman po nkukuha ung check?
or it mean lang po na ok n ung check ready to claim n?

[April 25, 2014 at 12:23 AM](#) 



[Veronica Espino](#) said...

Hello po, I completed the requirements po for maternity benefit claim, pero denied po ang check ko upon looking sa sss online account ko po,can I check po ba sa online kung bakit? thanks po!
-veronica

[April 27, 2014 at 10:35 PM](#) 



[yoj nitchiachie](#) said...

hi po gudpm,i just wanna ask lng po if what is the first step shoud i do kz po 2yr.and half nqng regular sa work qu at updated nman ung sa sss qu,at buntis po qu ngaun 4months gus2 qu po sana mlaman qng sa hr po qu mgdidirect mag file ng maternity or sa branch po ng sss?
kz sbi po skn ng hr sa sss branch daw po qu mgdirect ng file ng pang maternity which is MAT1?

[April 28, 2014 at 1:48 AM](#) 



[Shy](#) said...

Hi Veronica, wala bang reason na nakasulat kasunod ng "Denied"? Meron bang "Wrong key encoding"? Sa mga reasons listed sa article above, ano ang naiisip mong possible reason na bakit na-denied?

[April 29, 2014 at 8:03 AM](#) 



[Shy](#) said...

Hi yoj, it should be your HR forwarding your MAT1 to SSS. Responsibility nila yan. Pero kung wala silang runner or liaison officer, at tinatamad o busy ang mga nasa HR, puede rin namang ikaw na ang magdala sa SSS. Bring your SSS ID or 2 valid photo IDs. Pa-sign mo sa HR yong

MAT1 and then have it stamped/approved at the SSS branch where your employer is making submissions.

Puede ngang i-file ng HR sa online account ng employer, pero kung walang employer's online account, siges, pa-stamp mo na lang sa SSS.

Keep your MAT1 as part of your MAT2 filing after delivery.

[April 29, 2014 at 8:05 AM](#) 



[voj nitchiakie](#) said...

tnx po ms.shy sa info..ask qu nlng din po qng pde na pagsbayin ang pagpapa-change status qu sa sss,kz april 10 po qu knasal,ndi po kya mgconflict un?kz i heard na mtagal ang process ng pag pa change status sa sss eh..tnx po and advance.

[April 29, 2014 at 4:40 PM](#) 



[Apple Yagu](#) said...

Hi ms Veronica Espino u can click the claim number tapos lalabas na po ung details nung status mo and nasa pinakababa ung remarks kung ano kulang mo o reason bat nadenied ung status mo.and much better dn kung ppunta k sa sss branch kng san mo pinasa ung docu mo.then ask mo ano pa need aside sa kulang mo.

[April 29, 2014 at 5:41 PM](#) 



[Mariell Gladys Asuncion](#) said...

Action Taken:**DENIED** As of 04-29-2014

Remarks : WRONG TYPE OF CLAIM / REBATCH * wrong key-encoding

Ano po ibig sabihin nito?

Kumpleto naman po ako ng pinasang requirements? Ibig sabihin po ba nito wala na akong maternity benefit?

[April 29, 2014 at 9:14 PM](#) 



[Shy](#) said...

Hi voj, based on those commenting here, change of civil status takes 1 to 2 months, so if you plan to change your status, change asap, file E4 with marriage certificate (orig and xerox)... so you have lots of time before you file your MAT2. But make sure that you will have 2 valid IDs showing your married name by the time you file your MAT2.

[April 30, 2014 at 12:04 AM](#) 



[Shy](#) said...

Hi Apple, Mariell and Veronica: Thanks a lot, Apple, for sharing info for Mariell/Veronica. Tama yong advice na you go to the branch where your submitted your claim.

[April 30, 2014 at 12:09 AM](#) 



[yoj nitchiakie](#) said...

ms. shy 1 to 2 mos pa pla ang process ng change status, balak qu po kz pag nakuha qu na yung request qu na marriage contract asap po mag file nqu ng E-4 pra sa change ng status tpos sasabay qu ndn po sana ung filing ng sa mat1 qu ndi po kya magkakaproblema ung gnun pag pinag sabay?

[April 30, 2014 at 1:19 AM](#) 



[Apple Yagu](#) said...

Hi ms Shy, thanks for giving me some advice here.

i got my check already last week. :D

good thing na may kakilala ako sa post office then sabi nya pick upin ko n daw ung item.

so once i found out na settled n account ko after few days nakuha ko na rin ung check :D

Thank GOD :)

Good Luck mommies! :)

[May 5, 2014 at 1:29 AM](#) 



[JK](#) said...

Hi yoj, I think puede nang sabay ang filing mo ng E4 and MAT1

[May 6, 2014 at 8:47 PM](#) 



[JK](#) said...

Hi Apple, thanks for sharing your good news. Great to know na bumibilis na uli ang pagdala ng SSS ng check sa post office.

[May 6, 2014 at 8:49 PM](#) 



[Jiezel de los Reyes](#) said...

hi po.. complete abortion po ang nangyari sa kin.. hindi po ako naraspa.or naconfine sa hospital.pero required ako na mag leave ng 60 days. medical cert at ultrasound po yung meron ako na documents pero. makakakuha pa riin po ba ako ng maternity benefit?

thank you opo.

[May 11, 2014 at 11:09 PM](#) 



[JK](#) said...

Hi Jiezel, hahanapan ka ng histopathology report. Try filing your claim kung tanggapin nila. If they require a histopathology report, ask them what substitute document can be submitted.

[May 14, 2014 at 7:00 AM](#)



[Frustrated Member](#) said...

Your blog is really very helpful and informative. Hats off Ma'am! Hope you can also extend your knowledge and shed some light regarding my predicament. I recently submitted my documents at our local SSS Branch but the officer said my L-501 form is not valid because it has a date stamp of Apr 13, 2013 from SSS. Totoo po ba na 1 year lang ang validity ng L-501? I spent a lot of money, time and effort para makakuha nang certificate of separation and L-501 from my previous employer kasi nasa malayong province ako from where my previous company is located. Its very frustrating that after all the trouble I went through, hindi acceptable ang L-501 form. Can you confirm if this is true? Thanks in advance. ☺

[May 15, 2014 at 6:38 PM](#)



[JK](#) said...

Hi Frustrated Member, sorry it's my first time to encounter something about the time validity of L501. Try filing another day, and line up at another desk and check what the other SSS officer will say about your L501. Thanks for appreciating my blog.

By the way, I'm puzzled why your L501 has a date stamp of Apr 13, 2013 from SSS. When did you get your L501 from your employer?

[May 17, 2014 at 4:03 AM](#)



[Elham Seira Romano](#) said...

hi ms kaydee i just submitted the requirements for mat2 today but i got puzzled kasi hindi niya kinuha ung cert of seperation ko ung cert of non advancement at l501 Ing knuha niya..sabi niya d n dw need un but im still worried that it may affect my elegibility. im planning to go back there. any advise? TIA. God bless

[May 21, 2014 at 7:29 AM](#)



[HMYC](#) said...

Hi Po,

Nagsubmit po ako ng requirements for (Late) Maternity claim last April, 1 2014. Kaso po wal apa rin pong status pag nag online kahit its almost 2 months na. Sabi nila saking 2 - 3 months ang processing nagtataka nga lang ako kung bakit wala pa ring status whether it's being reviewed or denied.

Pag ganito po ba ibig sabihin napabayaang na nila ang claim ko?

Thank you so much.

[May 25, 2014 at 9:21 PM](#) 



[HMYC](#) said...

Hi,

Nag file po ako ng late maternity claim last April 1. Kaso lang po wala pa rin status online or claim no. kahit almost 2 months na. Is it possible na napabayaang na nila yung pag file ko?

Regards,

[May 25, 2014 at 9:23 PM](#) 



[JK](#) said...

Hi Elham, dapat kinuha niya ang cert of sep mo. Buti kung ganon din ang pag-iisip ng final evaluator. Pero baka meron na silang new policy na internal pa lang at hindi pa made public. I just hope so.

Sorry I'm not sure if it's good advice to say you go back there because I'm not sure if your papers are still there, or if they know where exactly your papers actually are. You can try, or you can wait na lang.

[May 25, 2014 at 10:05 PM](#) 



[JK](#) said...

Hi HMYC, sorry I'm not sure what happened to your claim. Ang ibig mo bang sabihin sa late filing ay you did not file your MAT1 before delivery? There are many cases na kasi based on comments online that if MAT1 is not filed before delivery, the claim is rejected.

But there are also few cases that the claim is approved. Keep waiting na lang, then maybe after 3 to 5 months, you can go to your branch and ask.

[May 25, 2014 at 10:13 PM](#) 



[April Mae](#) said...

hi po, ask ko lang po ung sa fact of birth. nanganak po ako nung august 8, 2013. pumunta po ako sa sss para ipasa ung mga requirements ko nung september. Ang mat1 ko pala ay pinasa ng employer ko ay saktong kapanganakan ko rin po (august 8,2013) hanggang ngayon po ay naka denied pa rin ang maternity ko. sabi po nila pupuntahan daw nila ang birthing home ko pero till now wala pa daw po ung service nila. ano po ung gagawin ko

[May 27, 2014 at 9:21 PM](#) 



[JK](#) said...

Hi April, maybe your claim was denied because your employer filed your MAT1 late. MAT1 should be filed BEFORE delivery. Preferably between first and last trimester. Follow up, wait and pray.

[May 28, 2014 at 4:23 PM](#) 